# 1

Balisa si Marian nang hapong iyon habang nasa opisina. Kalalabas lang ng kanyang limang taong gulang na anak na si JP mula sa ospital. Nitong nakakaraang mga araw ay madalas itong sinusumpong ng sakit na hika at kadalasan ay grabe ang nagiging atake nito. Hindi tuloy mawala sa isip niya ang iminungkahi ng matalik na kaibigang si Tessa nang minsang sabay silang nagbantay sa bata....

*"Bakit hindi kaya muna kayo umuwi ng San Andres?" Isang maliit na bayan sa Candelaria, Quezon ang tinutukoy ni Tessa. Doon siya ipinanganak at lumaki.*

*"B-bakit mo naman nasabi iyan?"*

*"Baka kasi makabuti kay JP ang sariwang hangin at pagkain. Baka kaya siya madalas atakehin ngayon ng hika niya ay dahil na rin sa kapaligiran natin. Tag-init na rin kasi." Mainit at matao sa tinitirhan nilang lugar. Bibihira ang puno dahil dikit-dikit ang mga bahay.*

*Nang hindi siya kumibo ay muli itong nagsalita.*

*"At saka…" she paused and looked at her. "Wala ka pa rin bang balak ipaalam kay—sa kanya ang tungkol kay JP?"*

*Nagulat man ay inaasahan na ni Marian ang tanong nito. Kunwari ay wala siyang narinig.*

*"O, hindi ka na sumagot diyan?"*

*Napailing siya. "A-alam mong hindi iyon maaari, Tessa."*

*"Bakit hindi? May karapatan siyang malaman na nagkaanak siya sa iyo."*

*"H-hindi siya maniniwala."*

*"Marian, ano ka ba naman! Tingnan mo nga ang anak mo. Eh, para silang pinagbiyak na bungang mag-ama." Tama ang kaibigan niya. Kahit saang anggulo tingnan ay kahawig ni JP ang ama nito.*

*"Marian, huwag ka sanang magagalit. Alam kong mahal na mahal mo si JP. At wala kang hindi gagawin para mapabuti siya. Pero sa nakikita ko, kahit magpakakuba ka sa pagtatrabaho'y hindi mo kayang ibigay ang lahat ng pangangailangan niya. Kailangan ni JP ang kanyang ama."*

*Tama na naman ito. Maliit lamang ang kanyang sinasahod bilang isang supervisor sa isang garments*

*factory sa Cavite, at malimit ay kulang pa sa gamot ng kanyang anak. Kailangan pa nito ng masusustansyang pagkain dahil underweight ito. Malaki rin ang naiaawas sa kanyang sahod dahil sa mga loans na hindi niya maiwasang pasukin sa mga pagkakataong naoospital si JP.*

*"Ewan ko, Tessa. P-parang natatakot ako." Isipin pa lamang na makikilala ng lalaki ang kanyang anak ay ibayong takot na ang nararamdaman niya. Mayaman ang ama ni JP. No doubt he could provide everything for his son. Paano kung hindi ito pumayag na hindi makuha sa kanya ang bata? Hindi niya kayang labanan ito.*

*"Paano ko ipapaliwanag sa kanya ang tungkol kay JP? A-at saka… wala na kaming babalikan doon." Ang maliit na lupang kinatitirikan ng kanilang bahay ay naibenta na niya noong mamatay ang kanyang ina.*

*"Kung iyan lang ang inaalala mo, puwede kong pakiusapan ang Inay na doon ka muna tumigil sa amin. Hindi tatanggi iyon at matutuwa pa siya kapag nakita si JP," masayang tugon ni Tessa. Muli itong nagseryoso nang makitang atubili pa rin siya. "Hindi sa itinataboy kita pero… bakit hindi mo muna pag-isipan ang mga sinabi ko?"*

*“Hayaan mo, pag-iisipan ko.” May malaking dahilan kung bakit ayaw niyang bumalik sa San Andres. Isang pangit na karanasang tanging si Tessa lamang ang nakakaalam.*

“O, mukhang malalim ang iniisip mo, ah! Sana isa na ako d’un!” Nagulat si Marian sa paglapit ng isang lalaki.

“Asa ka pa!” biro niya. Si Jeff ang maintenance engineer nila. Kasamahan niya ito at matagal nang nanliligaw sa kanya.

“Nagbabakasakali lang naman. Baka ‘ika ko, nade-develop ka na sa akin,” patuloy nito. May awa siyang naramdaman para sa lalaki.

“Jeff, napag-usapan na natin iyan, di ba?”

Biglang lumungkot ang anyo nito. “I know, pero hindi pa rin ako sumusuko. Hayaan mo lang na mahalin kita. Malay mo naman, isang araw magbago ang tibok ng puso mo. Maramdaman mong mahal mo na rin ako.”

*Sana nga, Jeff. Sana nga.*

“Bahala ka.” Malalim ang buntong-hiningang pinakawalan ni Marian. Mabait itong tao. Responsable, magandang lalaki at may-sinasabi

rin sa buhay. Higit sa lahat, tanggap nito si JP. Alam niyang magiging mabuti itong asawa at ama. Kung sana lang nga ay kaya niya itong bigyan ng pagtinging higit pa sa pagiging kaibigan.

"Maiba ako. Kumusta na si JP?" tanong nito, muling bumalik ang sigla sa mga mata.

"Okay na uli siya."

"Eh, bakit parang hindi ka masaya?"

"Hindi naman. Iniisip ko lang iyong sinabi ni Tessa noong isang araw."

"Ano ba iyon?"

"Nag-suggest kasi siyang umuwi muna kaming mag-ina sa San Andres. Baka raw makabuti kay JP ang klima sa probinsya."

"So, ano'ng problema doon? Baka makabuti nga sa bata ang bagong kapaligiran. Masyado na kasing polluted dito sa atin." Hindi siya nagkomento sa sinabi nito. Nahalata ng binata ang pag-aalangan sa kanyang mukha. "Iniisip mo bang baka magkita sila ng kanyang ama?" Nagulat siya. Kahit kailan ay hindi nila napag-usapan ang tungkol sa ama ni JP. "I presume, taga-roon din siya."

Napasandal siya sa swivel chair at napayuko.

"Yes," she said in an undertone. Tinitigan lang siya nito. "Pareho kaming taga-San Andres," patuloy pa niya.

"I see. Natatakot ka bang harapin siya kung sakali?" Napatingala siya sa kausap. "It won't be any problem unless… may pagtingin ka pa rin sa kanya."

She let out a humorless laugh and turned to look away. "Jeff, it's been six years. I… I've gotten over him already." She said the last words more to herself.

"So what's stopping you?" Napailing siya sa kakulitan ng binata. Kung minsan ay daig pa nito si Tessa. "Alam mo, sundin mo na si Tessa. For JP's sake at para sa iyo na rin. Hindi mo masisiguro kung talagang wala ka na ngang pagtingin sa ama ni JP hangga't hindi mo siya nakikitang muli. Maybe it's time for you to really close the book."

Natahimik si Marian at nag-isip. Marahil nga ay tama ito. But going back to San Andres is like feeding herself to the wolves! But on second thought, baka nga makabuti sa kanilang mag-ina ang magbalik doon.

"Maybe you're right." She sighed.

"Just…" Muli siyang napatingin dito nang

mahimigan ang pagsusumamo sa tinig nito. "… just come back, okay?"

"Oo naman! Bakasyon lang iyon," natatawang sabi niya. Muling umaliwalas ang mukha nito at parang nabunutan ng tinik. Ngumiti ito sa kanya at nagpaalam na. Nalulungkot na sinundan niya ng tingin ang papalayong lalaki. Kung sana ay kaya niyang turuan ang kanyang puso.

Nang araw ring iyon ay nagpaalam si Marian at humingi ng isang buwang bakasyon sa kanilang kompanya. Nagpasya siyang sundin ang payo nina Jeff at Tessa.

Kinabukasan din ay maaga silang gumayak na mag-ina. Inihatid sila ni Tessa sa Alabang kung saan sila sasakay ng bus na papuntang Lucena. Mula sa Lucena ay sasakay sila ng tricycle papasok sa barangay San Andres.

Medyo mabagal ang pag-usad ng bus dahil medyo masikip na ang trapiko palabas ng South Luzon Expressway. Pinanood niya ang anak na nawiwiling pagmasdan ang mga tanawin sa labas. Mainit na ang sikat ng araw kahit mag-a-alas-ocho pa lang. Tag-init na kasi.

Suddenly, a face flashed before her mind. It

had been six years. Hindi niya alam kung ano ang daratnan nila sa San Andres. Kung naroon pa rin ang lalaking minsan niyang idinambana sa puso. Baka may sarili na itong pamilya. Hindi iyon imposible. Sa taglay nitong mga katangian, maraming babae ang nahuhumaling dito. May pamilyar na kirot siyang naramdaman. Kasabay niyon ay lungkot at panghihinayang. Hinaplos niya ang buhok ng anak. Lumingon ito sa kanya at ngumiti.

*Bahala na*, nasabi niya sa sarili. Babalik siya sa San Andres para sa kapakanan ni JP. Kung sakaling magkrus man ang landas nila ng ama nito ay matapang niyang haharapin ang lalaki. Wala na siyang pagtingin dito, iyon ang pilit niyang isinisiksik sa isip niya. Ngunit bakit ayaw yatang sumang-ayon ng kanyang puso?

Nang magsimulang bumilis ang takbo ng bus ay isinandal niya ang ulo sa headrest. Simula na ng mahaba nilang biyahe. Tahimik lang na nakaupo sa tabi niya si JP at mayamaya lang ay makakatulog na ito. Ipinikit niya ang mga mata. She could not stop the memories from flooding in… scenes and faces of six summers ago, and of one summer night when she had a taste of love's intimacy and passion and heartbreak.

# 2

*Six summers ago…*

"Go, Tigers! Go! Go, Tigers! Go!" Walang patid ang sigaw ng cheering squad na sumasabay sa palakpakan ng mga tao sa auditorium. Ang lahat ay halos nakatayo na sa pagnanais na makita ang nagaganap na aksyon sa hard court.

"And Montero has the ball. Twenty seconds left in the fourth quarter, the Tigers down by two." Bahagya na lamang naririnig ang tinig ng announcer na nagmo-monitor ng laro. Play-off game iyon sa pagitan ng St. Andrews Tigers at ng kalabang Unibersidad ng San Isidro. Lamang ang kalaban ng dalawang puntos at kailangang mabawi iyon ng St. Andrews para makapasok sa championship.

"Montero passes the ball to Illustre. Illustre aiming for a three-point shot and…"

*Lord, pumasok sana. Please! Please!* abot-langit ang dasal ni Marian. Kasama niya ang kaibigang si Tessa na nanonood sa bleachers at kabilang sila sa mga sumusuporta sa St. Andrews Tigers.

"… he made it!" sigaw ng announcer. Muling

umugong ang hiyawan sa loob ng auditorium. Nagtalunan at nagpalakpakan ang mga supporters ng Tigers.

"Pumasok ang tira niya! Ang galing talaga ni Lloyd!" lumulundag pang sabi ni Tessa. Siya man ay hindi rin magkamayaw sa katuwaan.

"Illustre made the three-point shot, with barely two seconds left in the game clock! Wow! That was one hell of a shot!" muling singit ng announcer.

Hindi na nakabawi ang kalaban. Tumunog na ang buzzer na naghuhudyat na tapos na ang laro. Naglundagan at naghiyawan ang mga supporters ng St. Andrews Tigers. Ganoon din ang ginawa ng magkaibigan.

"Ang galing-galing ni Lloyd! Grabe!" tungayaw ni Tessa.

"Siyempre naman, 'no!" nakatawang saad ni Marian. Dumako ang tingin niya sa nagkakasayahang players sa court. Ang lahat ng nasa bench ay nagsitayuan at lumapit sa limang manlalarong nagpanalo ng laro. She watched in admiration nang buhatin ng mga ito si Lloyd at itaas. Ito ang star player ng team at ito rin nagbuslo ng three-point shot na nagpanalo ng laro.

Ilang sandali matapos ang game, masayang naglalakad ang magkaibigan pauwi. Alas seis na ng hapon ngunit maalinsangan pa rin ang paligid. Nag-umpisa na ang tag-init.

"Di ang saya-saya mo na naman?" tukso ni Tessa.

"Siyempre naman, 'no! Panalo yata ang boyfriend ko!" pagmamayabang niya.

"Boyfriend ka diyan! Eh, hindi ka nga kilala n'ung tao. Baka nga hindi niya alam na nag-e-exist ka!"

"Kaya nga hindi niya dapat malamang kami na. Dahil pag nagkataon, makikipagkalas siya sa akin." natatawang sabi niya. Nakitawa rin ang kanyang kaibigan.

"Pero maiba ako. Talaga bang mahal mo siya?" seryosong tanong nito.

Malungkot siyang ngumiti. "Alam mo na ang sagot diyan, di ba?"

"Akala ko kasi, infatuated ka lang sa kanya. Sino ba naman ang hindi magkakagusto sa taong iyon? Bukod sa matalino, mayaman at magandang lalaki pa!"

"Akala ko nga rin pero hindi, eh. Hindi ko

kayang ipaliwanag pero iba ang dating niya dito." Itinuro pa niya ang tapat ng kanyang puso. "Higit pa sa simpleng crush ang nararamdaman ko sa kanya," seryosong patuloy ni Marian.

"Ano ngayon ang gagawin mo?"

"Ano'ng magagawa ko kundi mahalin siya mula sa malayo. Iyon lang naman ang kaya ko. Ikaw na rin ang may sabi, hindi niya alam na nag-e-exist ako. Okay na ako sa ganito. At least, sa pangarap, wala akong kaagaw sa kanya, di ba?" she said without regret. Malalim ang damdaming iniingatan niya para kay Lloyd. Ngunit alam niyang kalokohan lamang ang umasang may katugon din ang damdamin niya.

"Malay mo. Maganda ka rin naman, ah!"

"Tessa, langit at lupa ang agwat namin. Hindi kami bagay," malungkot na tugon niya.

"Hindi naman masamang umasa. Malay mo, siya pala ang inilaan ng tadhana sa iyo."

Hindi na niya sinalungat ang kaibigan. How she wished it was true. But wishes are only for children. And fairy tales happen only in books.

---

Hindi pa rin humuhupa ang excitement ng

buong team. Nasa loob na sila ng dug-out ng St. Andrews College Auditorium. Ito ang naging venue ng katatapos lang na basketball game.

“Grabe ka, pare! Pinakaba mo kami. Akala ko, mimintis ka pa!” sabi ni Marc, isang teammate ni Lloyd.

“Oo nga. Ang layo mo sa three-point line!” ani Jay, isang junior student.

“Kayo talaga! Wala kayong bilib sa akin. Pababayaan ko ba namang matalo ang team natin?” pagmamayabang niya. Nagprotesta ang kanyang mga kasama. Isang tuwalya ang tumama sa kanyang mukha na sinundan ng tawanan.

“Guys…” biglang bungad ni Coach Silvano. “You did a great job tonight. Congratulations!” Muling naghiyawan ang buong grupo. “Pahinga muna tayo bukas, then we’ll start practicing sa Thursday. Sa susunod na linggo’y umpisa na ng championship. Kailangang doblehin natin ang ipinakita natin ngayong gabi,” patuloy nito.

“Makakaasa kayo diyan, Coach. Ang team natin ang magiging champion ngayong taon na ito! Di ba, mga pare?” tanong ni Lloyd sa mga kasama. Sabay-sabay na sumang-ayon ang teammates.

"Salamat. Salamat sa inyong suporta. Alam ko namang hindi ninyo ako bibiguin," tugon nito. "Bueno, ako'y mauuna na sa inyo. Kung gusto ninyong mag-celebrate ay okay lang sa akin. Basta't iwas lang sa basag-ulo at moderate drinking lang, understand?" paalala nito. Pagdating sa disiplina ay mahigpit si Coach Silvano sa kanila. Umalis na rin ito matapos silang mangakong susundin ang sinabi nito.

"O, sino'ng gustong gumimik?" tanong ni Carlo. Ang lahat ay nagsitaas ng kamay maliban sa kanya.

"Lloyd, pare, huwag mong sabihing hindi ka sasama?" Ang best friend niyang si Yael ang nagsalita.

"Pass muna ako ngayon, pare. Wala ako sa mood," pagdadahilan niya.

"Ang sabihin mo, pupuntahan mo lang si Charlotte!" tukso ni Carlo. Si Charlotte ang latest fling niya.

"Aba! Huwag mo namang araw-arawin, pare. Ikaw rin, baka matuyuan ka na niyan," biro ni Yael.

Binatukan niya ito. "Ulol! Ano'ng akala n'yo sa akin? Maniac?" kunwa ay galit na sabi niya ngunit namimilyo ang mga mata. "Magsilayas na nga kayo!" pagtataboy niya.

"Ano, hindi ka talaga sasama?" muling ungkat ni Carlo.

"Huwag mo nang pilitin. Hinihintay na siya ng kanyang prinsesa. Maglalakbay pa sila sa heaven…" kantyaw ni Yael. Nagtawanan muli ang buong grupo. Nakitawa na rin siya.

"O, paano? Mauuna na kami sa iyo," paalam ng mga kaibigan.

"Sige, ingat kayo," paalala ni Lloyd.

"Ikaw ang mag-ingat. Baka mamaya mabalitaan naming nakalunok na ng pakwan si Charlotte. Tiyakin mo lang na marami kang supply ng condoms…"

"Luku-luko!" Akmang hahagisan niya ng bola ang teammates kaya mabilis nang nagsialis ang mga ito.

Naiwang nag-iisa sa locker room si Lloyd. Natatawang tiningnan niya ang pintong nilabasan ng mga kaibigan. They were more than teammates. Para na silang magkakapatid. Aminado siyang mga pilyo at maloko ang mga ito, ngunit kahit kailan ay wala pa silang inagrabyadong tao.

Tumayo siya at hinugot mula sa locker ang sports bag na pinaglalagyan ng kanyang gamit.

Habang nagbibihis ay hindi niya maiwasang isipin ang kanyang sitwasyon.

He was rich, smart and good-looking. He was the envy of his friends dahil hindi siya nauubusan ng babae. Sino ba ang hindi papatol kung palay na ang lumalapit sa manok?

Pero bakit kadalasan ay nakadarama siya ng kahungkagan? May hinahanap ang puso niya na hindi niya matagpuan sa mga babaeng nakakarelasyon niya kahit experienced pa ang mga ito.

Love! Iyon marahil ang hinahanap niya. Pero paano ba ang ma-in love? Sapat na bang kontento siya kapag kasama niya ang isang babae? What about the ever after? The sparks? They always talk about sparks flying when one was in love.

Naiiling na ipinagpatuloy ng binata ang pag-aayos. Nang matapos ay kaagad niyang nilisan ang dug-out. Palabas na siya nang mag-ring ang kanyang cellphone. Hinugot niya iyon mula sa bulsa at nang makita ang pangalang nakarehistro sa screen ay napangiti siya. “Hello?”

“Hi, honey! It’s me!” anang matinis na boses.

“Oh, Charlotte, how are you?” tanong niya. Ito ang constant date niya sa kasalukuyan. Maganda ito

at sexy. Idagdag pang katulad din niya itong may-kaya sa buhay. Ang ama nito ang nagmamay-ari ng ilang malalaking negosyo sa bayan ng Lucena.

"Not so fine. Miss na kita!" paglalambing nito.

"N'ung isang araw lang tayo nagkita, ah."

"Kahit na! Matagal na iyon. I want to see you right now."

"Where are you?"

"Nandito ako sa *Burger Zone*." Isang fastfood chain iyon na hang-out ng mga estudyante. Hindi iyon kalayuan sa kinaroroonan niya. "Susunduin mo ba ako?"

May kapilyuhang sumingit sa kanyang utak.

"That depends. Ano naman ang magiging bayad ko kung susunduin kita?" naghahamong tanong niya.

"Will I be enough?" matapang na sagot nito.

Napangiti si Lloyd. This would be an exciting night after all. "I love it when you talk that way," paanas na sabi niya. May bumangong init sa kanyang katawan. Charlotte always knew how to turn him on. "Wait for me there."

Napasukan ni Marian ang kanyang inang si Aling Lucing na nagluluto ng biko sa kusina. Dalawa na lamang silang magkasama sa maliit na kubong iyon. Ang kanyang ama ay sumakabilang-buhay noong nasa elementarya pa lamang siya. Ang pagtitinda ng iba't ibang kakanin ang kanilang ikinabubuhay at siya ring ipinantutustos sa kanyang pag-aaral. May awang humaplos sa kanyang puso nang makitang hirap na hirap ito sa paghahalo ng malagkit.

"O, Inay! Bakit hindi n'yo ako hinintay bago kayo nagluto niyan?" tanong niya. Inagaw niya ang sandok mula rito at siya na ang nagpatuloy sa paghahalo.

"Kow! Eh, para iyan lang naman. Dati ko nang ginagawa iyan," katuwiran nito.

"Pero, 'Nay, hindi na kayo katulad ng dati na malakas." Hindi niya maiwasang makaramdam ng guilt. Nanood pa kasi siya ng laro gayong dapat ay tinulungan niya itong magluto. "Dapat nga'y nagpapahinga na kayo." Matagal na niya itong hinihimok na tumigil na sa pagluluto at pagtitinda pero tigas ang pagtutol nito.

"Eh, ano naman ang kakainin natin kung hindi

ako magtitinda? At saka, hindi ka pa tapos ng pag-aaral mo. Kailangan natin ng dagdag na kita." May lungkot siyang naramdaman sa sinabi nito. Kung sana ay hindi namatay nang maaga ang kanyang ama.... "Hayaan mo na ako, anak, kaya ko pa naman. At saka, hinahanap-hanap din ng katawan ko ang pagtitinda."

"Inaalala ko lang kasi ang kalusugan n'yo. Madalas nang nagsasasakit ang dibdib n'yo. Nagpa-checkup na ba kayo sa center?" Nag-iwas ito ng tingin. "'Nay?"

"Hamo't bukas ay magpapatingin na ako talaga."

May pagdududang tinitigan niya ito. "Hintayin n'yo ako. Magha-half day ako't sasamahan ko kayo."

"Itong batang ito, wala ka bang tiwala sa akin?" kunwari ay galit na sabi nito.

"'Nay…"

"O siya, sige. Ikaw na nga'ng bahala." Nagtaas pa ito ng kamay tanda ng pagsuko.

Magkatulong nilang inihanda ang niluto nilang biko. Kinabukasan ay ilalako iyon ni Aling Lucing sa bayan.

Kinagabihan ay hindi kaagad makatulog si

Marian. Nang tingnan niya ang inang nahihimbing na sa kanyang tabi ay nakaramdam siya ng awa. Mula nang mawala ang kanyang ama ay binalikat na nito ang lahat ng responsibilidad ng pagpapalaki sa kanya. Ngayon nga ay nasa ikalawang taon na siya sa kolehiyo at kumukuha ng kursong Computer Science sa St. Andrews College. Madalas ay binabalak niyang tumigil na lamang sa pag-aaral at maghanap ng trabaho para matulungan ang ina pero lagi na ay tutol ito.

*"Hindi ka dapat tumigil ng pag-aaral. Hangga't kaya kong itaguyod ka, gagawin ko. Iyan lamang ang maipapamana namin sa iyo ng iyong ama. Ang bigyan ka ng pagkakataong makaahon sa kahirapan,"* madalas nitong sabihin sa kanya.

Isang buntong-hininga ang kanyang pinakawalan, kasabay ng isang dalanging sana nga ay hindi siya mabigo para sa kanilang mag-ina.

# 3

"O, bakit parang Biernes Santo ang mukha mo? May nangyari ba?" tanong ni Tessa sa kaibigan na nakapagpalit na ng uniporme.

Nasa *Burger Zone* sila. Pareho silang service crew sa nasabing fastfood diner at pareho ring working student. Panggabing klase ang kinukuha nila. Kumpara sa kanya, maalwan nang kaunti ang pamumuhay ng pamilya ni Tessa. Sarili ng mga ito ang lupang sinasaka at ang kaibigan na lamang ang nag-aaral dahil may kani-kanya nang pamilya ang mga kapatid nito na pulos titulado rin. Gusto lamang nitong makasama siyang palagi kaya hinikayat nito ang mga magulang na payagan itong mag-working student.

"Nag-aalala lang kasi ako si Inay," paliwanag ni Marian.

"Bakit? Ano'ng nangyari kay Tiya Lucing?" may pag-aalalang tanong nito. Dahil matalik na magkaibigan, parang ina na rin ang turing nito sa kanyang nanay.

"Pinatingnan ko kasi siya sa center noong isang

araw dahil madalas sumakit ang dibdib. Ang sabi ng doctor, may baradong ugat daw siya sa puso. Kailangan pa niyang mag-undergo ng 2D Echo para matiyak kung gaano kalubha ang sakit niya. Kailangang dalhin ko siya sa ospital.”

“Ganoon ba? Baka naman nasosobrahan na sa pagod. Iyan naman kasing nanay mo, masyadong masipag.” Nilapitan siya nito at marahang pinisil sa kamay. “Huwag ka nang masyadong malungkot. Hindi naman siguro ganoon kalubha ang sakit ng nanay mo. Saka, may awa ang Diyos. Huwag kang mawawalan ng pag-asa.”

“Iniisip ko lang kasi kung saan ako kukuha ng ipantutustos sa pagpapagamot niya. May kamahalan ’yung gamot na inirereseta ni Dr. Mariano sa kanya. Saka ’yung….” Hindi na niya nagawang tapusin ang sinasabi.

“Huwag kang mag-alala, pahihiramin kita. Medyo malaki-laki na rin ’yung naiipon ko. Gamitin mo muna,” pag-aalo nito.

“Naku, nakakahiya sa iyo. Pinaghirapan mo iyon,” nakayukong tugon ni Marian.

“Eh, ano naman kung pinaghirapan ko? Mas kailangan mo ‘yun sa ngayon.”

“Pero hindi ko alam kung mababayaran kita kaagad.”

“Ito talagang babaeng ito, parang others! P’wede ba, tigilan mo na ’yang katututol mo. Basta kunin mo ’yung pera. Bahala na ako kung paano kita sisingilin,” matigas na sabi nito. Pagkuwan ay ngumiti ito nang makahulugan. “On second thought, puwede ring ikaw na ang gumawa ng mga assignments ko mula ngayon,” sabi nito.

“Ha? Seryoso ka ba?” tanong niya. Ngingiti-ngiti lang ito. “Sige, kung iyan ang kondisyon mo, okay lang sa akin,” sang-ayon niya.

Nagulat pa siya nang bigla itong bumunghalit ng tawa. “Loka, binibiro lang kita. Halika na nga!” akay nito sa kanya.

---

Tahimik na naglalampaso ng sahig si Marian nang mahagip ng kanyang paningin ang magkaparehang pumasok sa diner.

“Mare, nand’yan ’yung ‘boyfriend’ mo. Kaya lang may kasamang asungot,” pasimpleng bulong ni Tessa na noon ay nagpupunas ng mga mesa. Ang tinutukoy nitong boyfriend niya ay si Lloyd, kasama nito si Charlotte.

Hindi niya pinansin ang tukso ng kaibigan. Nakita niyang naupo ang dalawa sa pinakasulok na table sa gawing kanan niya. Parang sawa kung makadikit si Charlotte sa lalaki. Panay rin ang halik nito sa pisngi ni Lloyd na para bang walang ibang tao sa paligid. Hindi maipaliwanag ni Marian ang sakit na nararamdaman sa nakikitang tagpo.

Alam niyang nagseselos siya ngunit kaagad niyang kinastigo ang sarili. *Wala kang karapatan, Marian. Hindi ka niya kilala.* Pilit niyang ibinalik sa ginagawa ang isip.

Sandali siyang natigilan nang maramdamang parang may mga matang nakatutok sa kanya. Unconciously ay dumako ang mga mata niya sa kinaroroonan ni Lloyd, para makita lamang na nakatitig din ito sa kanya. For one brief moment, natitigan niya ang guwapong mukha nito. Hindi gaanong malayo ang kinalalagyan niya kaya malaya niyang natitigan ang mga features nito.

She knew he was tall and broad-shouldered. His eyes were the darkest she had ever seen, katamtaman ang tangos ng ilong nito and his lips… they were the kind you would not want to stop kissing. Her heart skipped a beat nang ngumiti ito sa kanya. Naramdaman niyang nag-init ang kanyang

mukha kaya kaagad niyang binawi ang tingin at ipinagpatuloy ang paglalampaso sa sahig.

---

Nangunot ang noo ni Lloyd pagkakita sa babaeng manaka-nakang sumusulyap sa gawi nila ni Charlotte. *Another one of your admirers*, his subconscious mind said. Tinitigan niya ang babae. Marahil ay nasa 5’2” ang height nito; balingkinitan ang katawan. He admitted he found her cute. Kung paano niya nasabi ay hindi niya maipaliwanag. Hindi niya inalis ang pagkakatitig dito at hinintay na muli itong sumulyap sa gawi nila. Hindi siya nagkamali, nang lumingon ito ay sandaling nagtama ang mga mata nila.

Amused na ngumiti siya when he saw her blush. At lalo siyang naaliw nang patay-malisya itong nagbawi ng tingin at ipinagpatuloy ang pagmo-mop. *I was wrong*, sabi niya sa sarili. Cute was an understatement. The woman was a beauty. Iyong klase ng gandang makikita habang tinititigan.

Napatunayan niya iyon nang mapagmasdan nang husto ang mukha nito. He was sure she was not wearing any makeup maliban siguro sa pink lipstick na gamit nito. Bilugan ang mukha nito na binagayan ng magagandang mata—expressive eyes.

She had a cute nose. Her lips were a little fuller. He would love to get a taste of those lips and see the passion in those eyes when he….

“Lloyd, you’re not listening!” Boses ni Charlotte ang gumising sa kanyang kamalayan. Hindi niya narinig ang mga sinabi nito.

“H-ha?” *Sh*t!* Hindi akalain ng binata na malayo na ang tinatakbo ng utak niya. He was partially aroused! And just by looking at a beautiful stranger wearing a dull uniform, mopping the floor. “W-what is it again, honey?”

Nagdududang tinitigan siya ni Charlotte. “Sino ba ang tinitingnan mo d’yan?” tanong nito pagkatapos sundan ang hinahayon ng tingin niya. Pinaglipat-lipat nito ang tingin sa mukha niya at sa babaeng ngayon ay malapit na sa counter. “Don’t tell me you’re busy looking at her all the time I was talking to you!” pagalit na sita nito.

“Come on, honey, that’s absurd! Bakit ko naman pag-aaksayahan ng panahon ang isang service crew?” he said.

“Bakit nga kaya? Maybe because she’s pretty? Or, maybe she’s flirting with you at gustung-gusto mo naman!” singhal nito. Natawa lamang si Lloyd

sa inaakto ng kasintahan. Charlotte could be very possessive when it came to him.

"Charlotte, there's no reason for you to be jealous. May naalala lang ako kaya hindi kita narinig kanina. At hindi ako nakikipag-flirt sa crew na iyon." Tahimik lamang ang nobya pero halata pa ring masama ang loob. "Hey, don't be cross! Ang mabuti pa'y umorder na tayo para mawala ang sumpong mo." Tumayo na siya. "What will you have?"

Ilang sandali pa muna siyang tinitigan ng kaharap. Nang ma-realize na hindi siya mai-intimidate sa inaakto nito ay saka lang ito sumagot. "Pineapple juice lang saka cheeseburger."

Naiiling na iniwan ni Lloyd ang dalaga at lumapit sa counter. Minsan ay naiirita na siya sa pagiging selosa nito. Pasimpleng hinanap niya uli ang babaeng tinititigan niya kanina. Nakita niya itong nagse-serve sa isang customer.

"Good morning, Sir! May I take your order please?" Naagaw ang atensyon niya ng crew na nasa counter. Ibinigay niya ang order dito at naghintay.

Atubiling lumapit sa counter si Marian nang makitang naroon si Lloyd. Napilitan lang siyang magpunta roon nang mag-ring ng assistance ang

kasama niya at siya ang pinakamalapit sa counter.

Binuhat niya ang tray na may lamang dalawang baso ng soft drinks at large potato fries. Hindi niya sinubukang tingnan ang katabing binata na kasalukuyang nagbabayad. Ang table na pagdadalhan niya ay nasa unahan lamang ng table ni Lloyd. Malapit na siya roon nang mapuna niyang tumayo ang kasama nitong nobya at lumakad pasalubong sa kanya. Nang nasa tapat na siya nito ay pasimple nitong tinabig ang dala niyang tray, dahilan upang matapon ang laman niyon. Natilamsikan ito ng tumapong soft drink.

"Sh*t! Look at what you've done!" bulyaw nito sa kanya.

"Naku, sorry po, Ma'am! Hindi ko po sinasadya," hinging paumanhin niya. Hindi niya malaman kung ano ang uunahin, ang linisin ang natapong pagkain o ang punasan ang nabasang damit ng babae. Ginawa niya ang huli ngunit tinabig lamang nito ang kanyang kamay.

"Ano'ng magagawa ng sorry mo! You've ruined my blouse! Alam mo bang kulang pa ang suweldo mo sa halaga nito?" Mataas pa rin ang boses nito. Pinagtitinginan na sila ng ibang customers na kumakain. Sa sulok ng kanyang mga mata ay nakita

niyang papalapit ang kanilang supervisor. Napayuko si Marian. Alam niyang wala siyang kasalanan ngunit customer nila si Charlotte at alam niyang ito ang papanigan ng kanyang superior.

"Sorry po talaga. Hindi na po mauulit." Kinakabahan siya. Natatakot siyang mawalan ng trabaho. Hindi sa panahong ito kung kailan kailangan niya ng pera.

"Ang sabihin mo, tanga ka! Hindi ka nag-iingat! Boba!" Halos manliit si Marian sa mga sinasabi nito. Nagsimulang mag-init ang sulok ng kanyang mga mata sa pagkapahiya.

"That's enough, Charlotte!" saway ng baritonong tinig sa kanyang likuran. Kahit hindi lumingon ay kilala niya kung sino ito.

"Lloyd, tingnan mo ang ginawa niya. Napakatanga niya!" parang batang sumbong nito.

"I said that's enough!" Hindi tumataas ang tinig ng binata ngunit naroon ang pagbabanta. Natahimik ang babae.

"Excuse me po, Mr. Illustre. Ako na po ang humihingi ng paumanhin sa nagawa ng crew namin. Rest assured na ipapataw ko ang necessary disciplinary action sa kanya," anang supervisor niya.

"Dapat lang! Hindi kayo dapat—" Hindi na nagawang tapusin ni Charlotte ang sinasabi.

"No need for you to do that. Aksidente ang nangyari at nag-sorry na siya. It's more than enough," sabi ng binata. Biglang nag-angat ng ulo si Marian para salubungin ang mga mata nito. Hindi niya inaasahan ang nakita niya roon.

"But, Lloyd…" reklamo ni Charlotte.

"Let's go, Charlotte," aya nito sa kasintahan.

"No! Hindi ako papayag—" Napahinto ang babae nang makita ang nagdidilim nang anyo ni Lloyd. Natilihan ito.

"Let's go!"

Wala itong nagawa kundi kunin ang bag at lumabas ng diner. Nang makalayo na ito ay nilapitan ni Lloyd si Marian at binulungan.

"Sorry about that. Just be careful next time, will you?" sabi nito at saka ngumiti. Isang tango lamang ang naisagot niya. Wala na ang dalawa ay para pa rin siyang itinulos sa kinatatayuan. Nagulat pa siya nang magsalita ang bisor niya.

"Sige na, linisin mo na iyan. Palitan mo iyan ng bago. Sa suweldo mo ibabawas ang natapon,

naintindihan mo?" sermon nito. "Pasalamat ka't mabait si Mr. Illustre. Ayoko nang mauulit pa ito!"

"O-opo!" mahinang sagot niya at saka sinimulang linisin ang tumapong pagkain.

---

"I can't believe na kinampihan mo pa ang babaeng iyon kaysa sa akin," galit pa ring sabi ni Charlotte kay Lloyd. Nasa tapat na sila ng bahay ng dalaga.

"Dahil nakita ko kung paano mo siya binunggo," mahinahong sabi ng binata.

"At pinagbibintangan mo pa ako!"

"Hindi ako bulag, Charlotte."

"Ano ba ang nakita mo sa babaeng iyon at nahulog kaagad ang loob mo?" Nabigla siya sa sinabi ng kasintahan. Bigla niya itong nilingon.

"Don't tell me na pinagseselosan mo pa rin siya hanggang ngayon?" A sarcastic smile formed his lips. "For God's sake, Charlotte, I don't even know her name!" pagalit na turan niya.

"But you're attracted to her!" Naiiyak na ito.

"That's the problem with you. Lahat na lang

ng tao, pinagseselosan mo. Nakakasakal ka na. You don't own me, Charlotte."

Parang natauhan ang dalaga sa sinabi niya. "Mahal lang naman kita kaya ako nagkakaganito."

Napabuntong-hininga siya. "You know the score between us."

"Lloyd…" humihikbing samo nito.

"Sige na. Pumasok ka na."

"No, pag-usapan natin ito."

"Wala tayong dapat pag-usapan, Charlotte. You're upset at lalo lang tayong mag-aaway kung ipagpipilitan mo ang gusto mo," he said angrily. Mukhang natanto nito na galit na talaga siya. Tumahimik ito at pilit kinalma ang sarili. Tiyak niyang hindi nito gugustuhing mawala siya dahil lamang sa tantrums.

"When will I see you again?" muling tanong ng dalaga.

"I'll call you," matabang niyang turan. Nagpaalam siya at hindi na hinintay na makapasok pa ito sa loob. Lumulan siya sa sasakyan at mabilis iyong pinatakbo palayo.

# 4

Nang gabing iyon ay hindi makatulog si Marian. Naalala pa rin niya ang tagpo kanina sa diner.

Palaisipan sa kanya ang ginawi ng binata kanina. Hindi niya akalaing pipigilan nito ang supervisor niya na patawan siya ng disciplinary action. Hindi rin niya inaasahan ang paghingi nito ng paumanhin sa kanya. She was sure she saw something in those dark eyes. Awa marahil. *No!* hiyaw ng utak niya. It's more like… concern. Ipinikit niya ang mga mata at pinilit makatulog.

*Ah, Lloyd…*

Samantala, hindi rin dalawin ng antok si Lloyd nang mga oras na iyon. Nagsinungaling siya kanina kay Charlotte nang sabihin niyang ni hindi niya alam ang pangalan ng babaeng pinagseselosan nito. Malinaw na rumehistro sa utak niya ang pangalang binanggit ng kasamahan nito kanina.

Marian…

Her name sounded virginal. And so was her face. Nangiti ang binata pagkaalala sa maamong mukha nito. One thing was for sure. Mapapadalas

ang bisita niya sa diner na iyon sa susunod na mga araw.

---

“Hi!” Nagulat si Marian sa mukhang bumulaga sa kanya sa *Burger Zone* kinabukasan.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” pabiglang tanong niya.

Lloyd just gave her a lopsided grin. “I didn’t know I wasn’t welcome here.”

Pinamulahan siya ng mukha. “I’m sorry, hindi iyon ang ibig kong sabihin.”

“Apology accepted.” Muli itong ngumiti habang titig na titig sa kanya. Pakiramdam ng dalaga ay sasabog ang dibdib niya sa sobrang kaba.

“A-ano nga p-pala ang o-order mo?” Why was she stammering like this?

“Hindi iyan ang ipinunta ko rito,” seryosong tugon nito.

“Hindi kita maintindihan.” Naguguluhan siya rito.

“I just wanted to find out kung sinuspinde ka pa rin ng superior mo sa kabila ng sinabi ko. But then,

it's obvious that she did not." Sandaling katahimikan ang namagitan sa kanila. "Gusto ko ring mag-sorry sa nangyari kahapon."

"Hindi mo kailangang gawin iyon. Kasalanan ko 'yon."

"I saw what she did, Marian."

Nagulat siya nang banggitin nito ang pangalan niya. "Paano mong…?"

"I have a good memory," nangingiting sagot nito. "By the way, I'm Lloyd." Inilahad nito ang kamay sa kanya. Atubiling tinanggap niya iyon. Nabigla siya sa animo kuryenteng nanulay sa kanyang buong katauhan nang magdikit ang mga palad nila. Lalo na nang maramdaman niya ang banayad na pagpisil nito roon. "Uhm… anong oras nga pala ang off mo?"

"Bakit?"

"I'm inviting you out," prangkang tugon nito.

"Bakit?"

Napabunghalit ng tawa si Lloyd. "Wala ka na bang alam sabihin kundi 'bakit?'" Again she blushed, pero hindi rin niya mapigilan ang sariling mapangiti.

"Y-you're inviting me out?" di-makapaniwalang

ulit ni Marian.

"Kasasabi ko lang, di ba? I wanted to make up for what happened yesterday."

"Hindi mo kailangang gawin iyon."

Nagkibit ito ng balikat. "But I want to. So what time will I pick you up?"

"You're not giving me any choice, are you?"

"Smart girl!"

"Hindi ko alam na may pagkaarogante ka pala!" naiinis na turan niya.

"One of my many traits, sweetheart." Nagulat siya sa endearment na ginamit nito sa kanya. "Anong oras kita susunduin?" muling tanong nito.

Hindi alam ni Marian kung matutuwa siya sa imbitasyong iyon. Masyado siyang nabibilisan sa mga pangyayari.

*He's just inviting you out. Not asking you to be his girl*, bigay-katuwiran ng isip niya.

"Four o'clock."

"Four o'clock then." Magalang itong nagpaalam sa kanya at lumabas na ng diner. Naiwan siyang

sinusundan pa rin ito ng tingin hanggang sa makasakay na ito sa sasakyan.

"Marian has a date…" kumakantang tukso ni Tessa habang papalapit sa kanya. Nakita nito marahil ang pag-uusap nila ni Lloyd.

"Tessa, tigilan mo nga iyan!" saway niya. Pero patuloy lang ito sa gawa-gawang kanta. Nang hindi makapagpigil ay nilapitan niya ito at kinurot sa tagiliran. "Ikaw talaga…"

"Aray! Ang sakit n'on, ah!"

"Buti nga sa iyo! Ang aga-aga…"

"Hmph! Kunwari pa ang ale. Kung di ko pa alam, kinikilig ka rin d'yan!"

"Hindi ka ba talaga titigil?" Akmang kukurutin niya itong muli nang bigla itong umiwas at ngingiti-ngiting ipinagpatuloy ang paglilinis ng salaming dingding. Akala niya ay titigilian na siya nito, pero ilang sandali lang ay lumapit itong muli sa kanya.

"Pero, Marian, talaga bang inimbitahan ka niyang mag-date?" Hindi niya ito pinansin. "Hoy! Sige na, sagutin mo naman ako," nagmamakaawang sabi nito.

Sumulyap si Marian sa kaibigan. "Parang ganoon

na nga," kumpirma niya.

Isang impit na tili ang pinakawalan nito. "Ay! Sa wakas, napansin na rin niya ang beauty mo, sister! In love na siya sa iyo!"

*How I wished*, piping bulong ng puso niya. "Heh! Tumigil ka nga riyan! Ano bang in love ang pinagsasabi mo?"

Tumigil naman si Tessa sa impit na pagtili nito. Nakapamaywang itong humarap sa kanya at animo teacher na nagsesermon sa isang makulit na estudyante. "Alam mo ang problema sa iyo, wala kang bilib sa sarili mo. Maganda ka naman, matalino." Pinabayaan na lamang niya ito. "Believe me, interesado siya sa iyo kaya ka niya niyayang lumabas." Hindi niya ito pinansin. Pagkatapos ay muli itong nagsalita. "So, ano ang balak mo? Sasama ka ba sa kanya?"

Saglit na natigilan si Marian. Ano nga ba ang dapat niyang gawin? May isang bahagi ng pagkatao niya ang gustong sumama sa binata at kilalanin ito nang lubos. Ngunit naroon pa rin ang agam-agam sa kanyang puso.

"Hindi ko alam," malungkot na sagot niya.

"Alam mo, pag-isipan mo munang mabuti iyan."

Alas tres ng hapon ang off nilang magkaibigan. Sabay silang nagtungo sa locker room upang magpalit ng uniporme.

“Saan mo hihintayin si Lloyd?” tanong ni Tessa habang nagbibihis.

“Hindi ako sasama sa kanya.”

Natigil ito sa pagsusuklay at di-makapaniwalang humarap sa kanya. “M-Marian, seryoso ka ba?” Isang tango lamang ang isinagot niya. “Aba’y baka papunta na iyon dito. Mag-aaksaya ng panahon ’yung tao ’tapos hindi ka pala sasama,” nagdadabog na sabi nito.

Nailing siya sa ginagawi ng kaibigan. Matapos isilid ang hinubad na uniporme sa dalang knapsack ay hinarap niya ito. “Teka nga muna, kanino ka ba kampi? Bakit ba pinagpipilitan mong sumama ako sa kanya?”

“Eh, kasi naman po… pagkakataon mo na ito!” reklamo nito. Isang buntong-hininga ang pinakawalan niya. “Ano ba ang ikinatatakot mo? Mukha namang mabait ’yung tao. Saka di ba matagal mo nang pinapangarap na makasama siya?”

“Alam mong langit at lupa ang agwat namin, Tessa.”

“So what? He invited you out. Hindi mo naman ipinilit ang sarili mo sa kanya.”

“Ah, basta! Hindi na lang ako sasama sa kanya,” parang batang maktol niya.

“Paano kung magpunta iyon dito? Nakakahiya naman d’un sa tao.”

“Problema na niya iyon. Hindi naman ako pumayag na makipag-date sa kanya. Siya lang itong makulit.”

“Naku, bahala ka na nga! Kahit kailan talaga, ang gulo ng takbo ng utak mo,” naiinis na bulalas ni Tessa.

Matapos ayusin ang mga gamit ay sabay na silang lumabas ng diner. Habang daan ay hindi siya kinikibo nito. Hindi na lamang niya pinatulan ang kaibigan.

---

Quarter to four nang iparada ni Lloyd ang *Nissan X-Trail* sa parking lot ng *Burger Zone*. Hindi muna siya bumaba ng sasakyan. He felt excited sa date nila ni Marian, kung date ngang matatawag iyon. Balak lang naman niyang ipasyal ito sa Lucena then take her to dinner. He had every intention to

know her better. Napatingin siya sa wristwatch; five to four. Marahil ay nag-aayos na ang dalaga para umuwi.

Lumabas siya ng sasakyan at sumandal sa hood. Sa kinalalagyan niya ay tanaw niya ang bungad ng diner kaya makikita niya kaagad ang paglabas ng dalaga. Napangiti siya nang maalala ang bahagyang iritasyon nito sa pangungulit niya kanina. Ni hindi niya ito binigyan ng chance na tumanggi sa imbitasyon niya. He could still remember the way her lips pouted. She had a very sensual mouth.

Naputol ang pagmumuni-muni ni Lloyd nang marinig ang paglabas ng isang pareha sa diner. Muli siyang napatingin sa relo; eksaktong alas cuatro na. Natanawan niya ang ilang crew na papalabas, pero wala pa rin ang dalaga. Patuloy siyang naghintay. Nang sampung minuto na ang nakalipas at wala pa rin ito ay nagpasya na siyang pumasok sa diner. Nilapitan niya ang service crew na nasa counter.

“Excuse me, Miss?” tawag niya rito. He flashed her his most charming smile.

“Y-yes, Sir, how may I help you?” kinikilig na tanong nito.

“Ah, nandiyan pa ba si Marian?”

“Si Marian, Sir? Kanina pa pong alas tres ang off niya.”

Bahagyang naningkit ang mga mata ni Lloyd sa narinig. She stood him up! “Gan’un ba? Sige, salamat na lang.”

Magalang siyang nagpaalam sa babae at lumabas na ng diner. Nang makalulan sa sasakyan ay hindi niya napigilang mapailing. A dry smile curved his lips. Si Marian ang unang babaeng nang-indyan sa kanya sa isang date, at hindi niya malaman kung maaaliw o magagalit. She really had a way of deflating his ego.

Well, if she thought he would be discouraged by what she did, then she was in for the biggest surprise of her life. Dahil lalo siyang naging desidido na mapalapit dito. She posed an interesting challenge. And Lloyd Illustre never backed out on a challenge.

Binuhay niya ang makina ng *X-Trail* at nagmaniobra palabas ng parking lot ng diner. Marami pa namang araw. He would let her be for now. Pero tiniyak niya sa sariling isa sa mga araw na darating ay mahuhulog din sa mga kamay niya ang dalaga.